Mga Bagong Kinakailangan ng Tagapagbigay ng Serbisyo Pangpuno Paparating Na!

Noong Abril 5, 2022, ipinasa ng Konseho ng Lungsod ng Seattle ang Panukalang Batas ng Konseho 120207 na nag-aatas sa lahat ng mga nagbibigay serbisyo pangpuno na magparehistro upang magnegosyo sa Seattle.

Ang panukalang batas ay nag-aatas sa mga may-ari ng lupa na gumamit ng mga rehistradong serbisyo at magpaskil ng abiso ng malaking pagpuputol o pag-alis ng mga puno tatlong araw bago gawin ang trabaho. Ang isang bagong Panuntunan ng Direktor upang makatulong na linawin ang mga probisyon ng bagong batas na ito at isang bagong Payo upang matulungan ang mga aplikante na tahakin ang proseso ng pagpaparehistro at pampublikong abiso ay ilalathala sa Setyembre.

Bakit Ito Mahalaga

Ang Lungsod ng Seattle ay nakatuon sa pagprotekta sa ating panglungsod na kulandong. Nagdaragdag ng halaga ang mga puno sa inyong ari-arian at sa nakapaligid na komunidad. Ang kulandong ay isang mahalagang sukatan ng kalusugan ng kagubatan ng lungsod. Ang mga puno sa lungsod ay nagbibigay ng maraming benepisyong ekolohikal, pang-ekonomiya, at panlipunan, kabilang ang tirahan ng buhay-ilang, kakayahang mabuhay sa kapitbahayan, at pinahusay na mga resulta sa kalusugan ng publiko. Maa-access ng publiko ang patalaan na ito upang ang mga may-ari, residente, at mga kapitbahay ay makatiyak na isang rehistradong kumpanya na may kaalaman sa mga regulasyong pangpuno at pinakamahuhusay na kagawian ang nagtatapos ng trabaho sa kanilang lugar.

Seattle Department of Construction & Inspections



Mga Kinakailangan sa Pagrehistro ng Tagapagbigay ng Serbisyong Pangpuno

Ang Seattle Department of Construction and Inspection (SDCI) ay maglulunsad ng isang patalaan ng mga tagapagbigay serbisyong pangpuno sa Agosto 26, 2022. Ang patalaan ay ilalathala sa SDCI tree code webpage (www.seattle.gov/sdci/codes/codes-we-enforce-(a-z)/trees-and-codes) at maglalaman ng isang direktoryo ng mga tagapagbigay ng serbisyo na pangpuno na kwalipikadong gumawa ng trabaho sa puno na higit sa pangkaraniwang pagpapanatili sa pribadong ari-arian sa Seattle alinsunod sa tree code.

- Simula Agosto 26, ang mga nagbibigay serbisyo pangpuno ay dapat gumawa ng account at magrehistro sa SDCI sa https://cosaccela.seattle.gov/. Ito ay isang digital na aplikasyon; kung kailangan ninyo ng papel na aplikasyon o kailangan ng tulong sa pagkumpleto ng inyong aplikasyon, mangyaring tawagan kami sa (206) 233-5185 o makipag-ugnayan sa amin sa https://sdci.zendesk.com/hc/en-us/requests/new. Upang makatulong na iruta ang inyong kahilingan, ilagay na kailangan ninyo ng tulong sa “Mga permiso, mga code, mga zone, mga plano,” (permits, codes, zones, plans,) pagkatapos ay piliin ang “Gamit ng Lupa” (Land Use) bilang uri ng tulong na inyong kailangan, at pagkatapos ay piliin ang “mga Puno” (Trees) sa patlang ng paglalarawan.
- Ang lahat ng mga tagapagbigay serbisyo pangpuno na nagsasagawa ng pag-alis*, malaking pagputol**, o mga serbisyong pagkonsulta ukol sa mga puno sa Seattle*** ay dapat magparehistro bago ang Nobyembre 10, 2022.
- Ang mga tagapagbigay serbisyo pangpuno ay dapat na mangako na sumunod sa mga regulasyon sa pangangalaga ng puno na matatagpuan sa SMC 25.11, Panuntunan ng Direktor 16-2008, at ANSI A-300 Pamantayan sa Pagputol (o kasunod na pamantayan).
- Ang hindi pagrehistro o pagtanggap ng dalawang abiso sa paglabag ay hahadlang sa mga tagapagbigay serbisyo pangpuno para maging kwalipikadong magnegosyo sa Seattle.
- Mangyari ng tandaan na ang patalaan ng tagapagbigay serbisyo pangpuno ng SDCI ay sumasaklaw sa trabaho sa pribadong pag-aari at naiiba sa patalaan ng tagapagbigay serbisyo pangpuno ng SDOT na nagsasaayos ng trabaho na nangyayari sa pampublikong right-of-way. Dapat kayong magparehistro sa bawat isa nang hiwalay; ang mga link sa bawat isa ay matatagpuan sa https://cosaccela.seattle.gov.

*Pag-alis ng anumang punong higit sa 6 na pulgada ang dyametro.
**Malaking pagputol na trabaho ng kahit na anong puno na nasa pribadong pag-aari. Ang malaking pagputol ay pag-aalis ng kahit na anong sanga at ugat na may 2 pulgada na dyametro o mas malaki pa, o ang pag-alis ng mahigit 15% ng kulandong ng puno. Hindi ninyo kailangan maging rehistrado upang makumpleto ang iba pang pangkaraniwang pagpuputol at pagpapanatili ng mga puno.
***Pagsasagawa ng mga pagtatasa ng puno para sa isang ulat ng arborist.

Mga Kinakailangan ng May-ari ng Ari-arian

- Simula Nobyembre 10, kailangan ninyong umarkila ng isang rehistradong tagapagbigay serbisyo pangpuno upang makumpleto ang karamihan sa gawaing pangpuno sa inyong ari-arian. Makikita ninyo ang listahan ng mga rehistradong mga tagapagbigay serbisyo sa webpage ng SDCI tree code, www.seattle.gov/sdci/codes/codes-we-enforce-(a-z)/trees-and-codes, sa Oktubre.
- Simula Nobyembre 10, ang mga may-ari ng mga ari-arian ay kinakailangang magpaskil ng pampublikong paunawa tungkol sa malaking pagpuputol o pagtanggal ng mga puno sa ari-arian na hindi bababa sa tatlong araw bago makapag-umpisa ng trabaho ang tagapagbigay serbisyo pangpuno. Upang makagawa ng pampublikong paunawa, dapat ninyong kumpletuhin ang pormularyo na ibibigay sa https://cosaccela.seattle.gov.
- Ang mga may-ari ng ari-arian na kumukumpleto ng pangkaraniwang pagpuputol at pagpapanatili ng puno sa kanilang ari-arian ay hindi kinakailangang magparehistro o magpaskil ng isang paunawa.

Ang mga isinaling bersyon ng impormasyong ito ay makukuha sa aming website sa www.seattle.gov/sdci/codes/codes-we-enforce-(a-z)/trees-and-codes.